



Kabanata 6: Mga Bangko at Pera

Pananalapi sa Hong Kong

Ang mga perang papel na ginagamit sa araw-araw ay HK\$10, \$20, \$50, \$100, \$500 at \$1,000. Ang mga salapi na HK\$20, \$50, \$100, \$500 at \$1,000 ay ini-isyu ng tatlong bangko na nag-iisyu ng salapi, ang The Hongkong and Shanghai Banking Corporation Limited, Standard Chartered Bank (Hong Kong) Limited at Bank of China (Hong Kong) Limited, at ang kasalukuyang serye ay ini-isyu noong 2010. Kung paminsan-minsan ay makakatanggap kayo ng salaping ini-isyu bago ang 2010, huwag mag-alala, legal na pambayad ang mga iyon at magagamit para sa mga pang-araw-araw na transaksyon sa Hong Kong. Para sa perang papel na HK\$10, may papel na pera na inilabas ang Pamahalaan mula noong 2002 at isang polymer na pera na inilabas ng Pamahalaan noong 2007.

Ang mga barya ay inilabas sa mga denominasyong HK\$10, \$5, \$2, \$1, 50 sentimo, 20 sentimo at 10 sentimo.

Pakisuyong bisitahin ang website na Hong Kong Monetary Authority sa www.hkma.gov.hk para sa mga detaye ng mga perang papel at barya ng Hong Kong na nasa sirkulasyon.

Halaga ng palitan

Simula 1983, napanatili ang halaga ng Hong Kong dollar kumpara sa US dollar na nasa humigit-kumulang sa rate na $US\$1 = HK\7.80 . Dahil nagbabago ang halaga ng palitan sa pagitan ng Hong Kong dollar at iba pang salapi sa bawat araw, pinakamabuti nang tumingin sa internet, sa pahayagan o sa iyong bangko para sa kasalukuyang halaga ng palitan.

Payo:

- Ang mga bangko at moneychanger ay naniningil ng komisyon. Sa katulad na paraan, naniningil din ng komisyon ang mga hotel at pangunahing mga tindahan na nagbibigay ng mga pasilidad sa pagpapalalit (exchange facility) para sa mga guest at mamimili.
- Tulad sa ibang lugar, ang halaga ng palitan para sa cash at mga traveller's cheque ay bahagyang nagkakaiba at hindi naipapalalit ang mga barya.
- Ang mga halaga ng palitan na iniaalok ng mga bangko at moneychanger ay hindi magkakatulad. Ang pinakamagandang paraan para matiyak na nakakakuha ka ng patas na palitan ay ang paghahambing sa halaga na iniaalok ng iba't ibang mga bangko at moneychanger.
- Ang display ng mga moneychanger ng net na halaga ng palitan ay isang legal na pananagutan. Pinapayuhan kang tingnan ang mga ito at pati ang halaga ng anumang karagdang komisyon na babayaran para sa pagpapalalit ng mga traveller's cheque bago ibigay ang pera na papapalitan. Ang mga resibo ay dapat ibigay ayon sa iniutos ng batas.
- Maaari kang lumapit sa pulis para sa tulong kung naniniwala kang niloko ka.

Pagbubukas ng account sa bangko

Kapag nagbubukas ng account sa bangko, aatasan kayo na magbigay ng inyong dokumentong pagkakakilanlan (halimbawa, isang balidong dokumento sa pagbiyahe at ID) at iba pang mga impormasyon sa bangko. Maaari ninyong bisitahin ang webage ng Hong Kong Monetary Authority (<http://www.hkma.gov.hk/eng/other-information/ac-opening/>) na nagbibigay ng, kasama ng iba pa, pangkalahatang impormasyon tungkol sa mga pamamaraan sa pagbubukas ng account, dokumentasyon at mga iniaatas na impormasyon pati na ang mga detalye kung paano makokontak ang mga bangko sa Hong Kong. Dagdag pa rito, ang mga pangunahing impormasyon tungkol sa pagbubukas ng account at mga iniaatas na dokumentasyon ng mga indibidwal na bangko ay nakapaskil sa mga website ng mga bangko at maaari rin ninyong tanungin ang mga bangko tungkol sa detalyadong mga iniaatas para sa pagbubukas ng isang account.

Sa pangkalahatan ay walang binabayadan o sinisingil sa pagbubukas ng isang account sa bangko. Gayunpaman, may ilang mga bangko na maaaring magpataw ng kabayaran sa mga account na mababa ang balanse na hindi nakatugon sa minimum na balanseng iniaatas ng bangko. Gayunpaman, lahat ng mga retail na bangko sa Hong Kong na naniningil ng naturang mga bayarin kaugnay ng mababang balanse ay nag-aalok na ipaubaya na ang naturang bayarin sa mga bulnerableng kustomer at nagpapatupad ng isang naiiakmang

pamamaraan sa pagsingil ng naturang bayarin para sa mga kustomer na may mabababang kita (kabilang sa naiiakmang paraan ang alinman sa ituring ang mga kustomer na may mabababang kita bilang mga bulnerableng kustomer at ipaubaya ang bayarin dahil sa mababang balanse o bigyan sila ng walang limitasyon/limitadong libreng akses sa mga serbisyo ng counter ng sangay kaugnay ng kanilang paggamit sa mga pangunahing account sa bangko na walang mimimum na iniaatas na balanse). Kung gayun, kapag nagbukas kayo ng isang account sa bangko, pinapayuhan kayo na kuhanin ang mga detalye at anumang mga bayarin at sinisingil na maaaring ipataw, pati na ang mga patakaran ng bangko kaugnay ng pagpapaubaya.

Ang pangkalahatang impormasyon tungkol sa pagbubukas ng account sa bangko at iba pang mga serbisyo ng bangko (halimbawa ay mga tip kaugnay ng seguridad sa paggamit ng mga ATM, Deposit Protection Scheme, at iba pa) na nasa Bahasa Indonesia, Hindi, Nepali, Thai, Tagalog, Urdu at Punjabi ay makikita sa mga website ng Hong Kong Monetary Authority, Hong Kong Association of Banks at Equal Opportunities Commission.

Pagpapadala ng pera sa iyong pamilya

Kapag nagpapadala ng pera (nagreremit) sa iyong pamilya sa inyong lugar, ang pinakamabuting payo ay ang maghanap ng bangko sa inyong lugar na may branch sa Hong Kong, posibleng mayroon silang espesyal na mga pasilidad sa remittance. Kung hindi, gumamit ng bangko na nakabase sa Hong Kong na may mga branch sa iyong bansa.

India		
Allahabad Bank	1908-1909, Tower 1, Lippo Centre 89 Queensway, Admiralty, Hong Kong	2523-8363
Axis Bank Limited	Suite 1707-1708, Central Plaza 18 Harbour Road, Wanchai, Hong Kong	3656-4000
Bank of Baroda	4/F, Dina House, Ruttonjee Centre 11 Duddell Street, Central, Hong Kong	2521-5166
Bank of India	2/F, Ruttonjee House 11 Duddell Street, Central, Hong Kong	2524-0186
Canara Bank	Room 904, Aon China Building 29 Queen's Road Central, Hong Kong	2529-1398

HDFC Bank Limited	Suite 1707, 17/F, Tower 1 The Gateway, Harbour City 25 Canton Road, Tsim Sha Tsui Kowloon	3107-2972
ICICI Bank Limited	Units 1504B-1505, Level 15 International Commerce Centre 1 Austin Road West, Kowloon	2234-2600
Indian Overseas Bank	3/F, Ruttonjee House 11 Duddell Street, Central, Hong Kong	2522-7157
Punjab National Bank	Room 1003, 10/F, Li Po Chun Chambers 189 Des Voeux Road Central Hong Kong	2970-4819
State Bank of India	15/F, Central Tower 28 Queen's Road Central, Hong Kong	2523-3166
UCO Bank	Suites 4102-4106, 41/F, Cosco Tower 183 Queen's Road Central, Hong Kong	2524-9240
Union Bank of India	Unit 1903-1904, 19/F 9 Queen's Road Central, Hong Kong	2524-2221
Indonesia		
PT. Bank Negara Indonesia (Persero) TBK.	G/F, Far East Finance Centre 16 Harcourt Road, Central Hong Kong	2529-9871
PT. Bank Mandiri (Persero) TBK.	7/F, Far East Finance Centre 16 Harcourt Road, Central Hong Kong	2877-3632
Pakistan		
National Bank of Pakistan	Units 1801-1805, 18/F, FWD Financial Centre, 308-320 Des Voeux Road Central, Hong Kong	2541-5321
Filipina		
BDO Unibank, Inc.	G/F, Euro Trade Centre 13-14 Connaught Road Central Hong Kong	2868-0323
Philippine National Bank	Unit 02, 9/F Tung Wai Commercial Building 109-111 Gloucester Road Wan Chai, Hong Kong	2543-7171

Thailand		
Bangkok Bank Public Company Limited	Bangkok Bank Building 28 Des Voeux Road Central Hong Kong	2801-6688
Kasikornbank Public Company Limited	Unit 3316, 33/F China Merchants Tower Shun Tak Centre 168-200 Connaught Road Central Hong Kong	2526-6811
The Siam Commercial Bank Public Company Limited	Suites 3209, 32/F, Jardine House 1 Connaught Place Central Hong Kong	2524-4085

Payo:

- Walang mga kontrol sa palitan ang Hong Kong, kaya maaari kang magdala o magpadala kahit gaano karaming pera ang gusto mo.
- Ang mga international telegraphic transfer ay mabilis at maasahan. Ang lahat ng pangunahing bangko sa Hong Kong ay makapagbibigay sa iyo ng ganitong serbisyo.
- Magpadala ng US dollar na pera sa pamamagitan ng telegraphic transfer o isang bank draft - huwag magpadala ng cash sa koreo o sa pamamagitan ng ibang tao na uuwi sa iyong bansa.